

Health & nutrition tampok sa 2016 S&T Week

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, DOST-STII

Mga bagong medical mobile application, nutrition research at mga medisina na magbibigay lunas sa mga karamdaman ang ilan sa handog ng Metro Manila Health Science Community (MMHSC) para sa 2016 National Science and Technology Week (NSTW) sa Hulyo 25-29.

Alinsunod sa temang “Juan Science, One Nation”, sa unang pagkakataon ay gaganapin ang NSTW hindi lamang sa science hub ng Taguig, Quezon City, Manila at Los Baños, ngunit ito ay magkakasabay na gaganapin sa iba’t ibang rehiyon ng bansa sa pamamagitan ng DOST Regional Office.

Mangunguna sa pagdiriwang ng MMHSC ang mga ahensiya sa ilalim ng DOST gaya ng DOST-Philippine Council for Health Research and Development (DOST-PCHRD), DOST- Food Nutrition Research Institute (DOST-FNRI) at ang Metro Manila Health Research and Development Consortium (MMHRDC).

Ang science community for health ay nagsagawa ng iba’t ibang aktibidad na siguradong kapupulutan ng iba’t ibang kaalaman hinggil sa health at nutrition.

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Teknolohiya sa agri-aqua at forest product bibida sa 2016 S&T Week’	p3
Larawanews	p3
2016 NSTW Opening Ceremony Program.....	p3

DOST bubuksan ang pinto sa publiko para sa 2016 S&T Week

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII



Bubuksan ng Department of Science and Technology (DOST) ang pinto nito para sa publiko at pangungunahan ang pagdiriwang ng 2016 National Science and Technology Week (NSTW) na tinawag na “Juan Science, One Nation” sa Hulyo 25-29.

Para sa taong ito, ipagdiriwang ang NSTW sa iba’t ibang rehiyon ng bansa kabilang ang mga science hub ng Taguig, Maynila, Quezon, at Los Baños, Laguna.

Pangungunahan ni DOST Secretary Fortunato T. De la Peña ang pagdiriwang ng NSTW simula Hulyo 25 sa tanggapan nito

sa Bicutan, Taguig City. Ito ay magsisilbing kauna-unahang S&T activity ni De la Peña magmula nang siya ay hirangang kalihim ng nasabing kagawaran.

“This is the first time that DOST will be doing a simultaneous celebration not only in Manila, but to the different regions of the country,” paliwanag ni De la Peña. “We hope to sustain the enthusiasm on science and technology (S&T) created by the past administration and work on what remains to be resolved for the benefit of even those who are on the outskirts of development.”

sundan sa pahina 2

Health ... Mula sa pahina 1

Kabilang sa mga aktibidad na nakalaan sa isang lingo ay ang S&T exhibit sa SM Mall of Asia Atrium, Pasay City. Itatampok dito ang ilan sa mga teknolohiya at proyekto ng DOST sa sektor ng kalusugan kagaya ng RxBox, e-Hatid, Axis Knee Replacement System at Biotek-M.

Magkakaroon din ng mga forum sa mga piling lugar sa Kalakhang Maynila. Tampok ang mga paksang may kinalaman sa mental health awareness para sa mga kabataan, health apps webinar, traditional medicine at nutrition counseling.

Ayon kay Dr. Jaime Montoya, executive director ng DOST-PCHRD, "we are very excited for this year's S&T week. Through the help of MMHRDC, we gathered the participation of some universities in Metro Manila to conduct activities presenting current issues and concerns on health in the country."



Pangungunahan ni DOST-PCHRD executive director Jaime C. Montoya (kanan) ng pagdiriwang ng MMHSC na gaganapin sa SM Mall of Asia. Kasama sa larawan (mula kaliwa) sina DOST Undersecretary Amelia P. Guevarra, Ma. Rosario O. Montejo, dating secretary Mario G. Montejo at Undersecretary Carol M. Yorobe.

Ang NSTW ay ipinagdiriwang tuwing ika-tatlo ng Hulyo ng bawat taon alinsunod sa Proclamation No. 169 s. 1993. Ito ay nagnanais na maipa-alam sa publiko ang mga pinakahuling development sa larangan ng S&T.

Ang 2016 NSTW ay bukas sa publiko. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin lamang ang mga sumusunod: www.nstw.dost.gov.ph at NSTW Facebook page at 2016NSTW o email 2016nstw@gmail.com o tumawag sa 837-2191 to 94.

DOST bubuksan ... Mula sa pahina 1

Tampok sa 2016 NSTW ang technology open house, symposia, scientific forum, technology fair, film showing, scientific career talk, technology launch at marami pang iba.

Ayon pa kay De la Peña, ang mga nais dumalo ay maaaring mamili sa iba't ibang lokasyon o kaya nama'y maaaring bisitahin ang lahat ng mga science hub.

"For those who are in Metro Manila," wika ni De la Peña. "You can choose to visit our exhibits on disaster preparedness, weather, and education in PAGASA, PHIVOLCS and Philippine Science High School in Quezon City; and in SM MOA, where the Food and Nutrition Research Institute and the Philippine Council for Health Research and Development will feature health and nutrition related forums and other fun activities."

Samantala, naghandang naman ang tanggapan ng DOST sa Lungsod ng Taguig ng iba't ibang handog para sa mga nagnanais na bisitahin ito. Kabilang dito ang food tasting ng mga DOST-assisted product na tatawaging "Future Flavors", livelihood technology forum, career talk, product demo at launch, science film showing at marami pang iba.

Maliban dito, ang Los Baños Science Community naman ay magkakaroon ng mga open house upang isapubliko ang mga research and development facility at testing laboratory para sa mga forest product sa tanggapan ng Forest Products Research and Development Institute. Habang bibida naman ang mga teknolohiya at mga kaalaman sa sektor ng agri-aqua at mga S&T exhibit naman ang makikita sa tanggapan ng Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development.

At para sa mga nasa lalawigan naman, ang mga tanggapan ng DOST sa iba't ibang rehiyon ng bansa ay mayroong inihandang aktibidad para sa lahat ng mga bibisita rito. Maaari lamang na makipag-ugnayan sa tanggapan ng DOST na malapit sa inyo.

Ang NSTW ay ipinagdiriwang tuwing ikatlong linggo ng Hulyo ng bawat taon alinsunod sa Proclamation No. 169 s. 1993. Ito ay nagnanais na maipa-alam sa publiko ang mga pinakahuling development sa larangan ng S&T.

Ang 2016 NSTW ay bukas sa publiko. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin lamang ang mga sumusunod: www.nstw.dost.gov.ph at NSTW Facebook page at 2016NSTW o email 2016nstw@gmail.com.

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO

Copy Editor

JAMES B. INTIA

Layout

MA. JUDITH L. SABLAN

Proofreader

FERDINAND D. CARTAS

Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

Teknolohiya sa agri-aqua at forest product bibida sa 2016 S&T Week

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Teknolohiya sa agrikultura, pangingsda at forest product ang tampok ng Los Baños Science Community (LBSC) na pangunahan ng mga ahensiya ng Department of Science and Technology (DOST) para sa 2016 National Science and Technology Week (NSTW) na gaganapin sa Hulyo 25-29 sa Los Baños, Laguna.

Ang nasabing pagdiriwang ay bahagi ng pinalawak na NSTW na kung saan ito ay mayroong magkakasabay na pagdiriwang at aktibidad sa iba't ibang rehiyon ng bansa kabilang ang mga science hub ng Taguig, Quezon City, Manila, at Los Baños.

Bibida sa nasabing pagdiriwang ang mga S&T exhibit, scientific forum, technology and livelihood open house at iba't ibang atraksyon na siguradong kapupulutan ng bagong kaalaman.

Ang LBSC ay kinabibilangan ng mga ahensiya sa ilalim ng DOST gaya ng Philippine Council for Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development (DOST-PCAARRD), Forest Products Research and Development Institute (DOST-FPRDI), DOST Region IV-A, at ang Southern Tagalog Agriculture and Resources Research and Development Consortium (STARRDEC).

Kabilang sa nasabing mga exhibit ang Regional NSTW Exhibit at ang SyenSaya

Wonderama Exhibit na ilulunsad sa pagbubukas ng nasabing pagdiriwang. Ang Regional NSTW Exhibit ay ang koleksyon ng mga teknolohiya para sa sektor ng agrikultura, pangingsda, at forest product mula sa mga nasabing ahensiya.

Ito ay masilayan sa DOST-PCAARRD Innovation and Technology Center habang ang SyenSaya Wonderama Exhibit naman ay matutunghayan sa covered parking area ng DOST-PCAARRD.

Ang SyenSaya ay ang flagship event ng Los Baños Scientific Community Foundation, Incorporated (LBSCFI) na nagpapakita ng mga "Wonders of Science," mula sa mga pananaliksik hanggang sa pagsasakomersyo ng mga teknolohiya.

Mayroong public viewing ng mga testing laboratory kabilang ang Bamboo Innovation Center ng DOST-FPRDI.

Amliban sa mga ito, mayroong nakalaang programa at scientific forum para sa mga dadalo sa loob ng isang linggong pagdiriwang.

Kasabay din ng nasabing pagdiriwang ay ang ika-32 anibersaryo ng LBSCFI na gaganapin sa E.O. Tan Auditorium ng DOST-PCAARRD sa Hulyo 25.

Sa kabilang dako, mayroong Techno Forum sa Disaster Risk Reduction and Management sa Hulyo 26. Layunin ng nasabing forum

na maisapubliko ang mga kaalaman at teknolohiyang bagay na gamitin ng mga komunidad.

Tampok din sa araw na ito ang usapan hinggil sa mga teknolohiya at kaalaman para sa mga micro to small wood-based enterprise sa Laguna na handog naman ng DOST-PCAARRD at DOST-FPRDI habang ang National Symposium on Agriculture and Aquatic Resources Research and Development (NSAARRD) ng DOST-PCAARRD ang bibida sa Hulyo 28.

At sa pagtatapos ng NSTW, bibigyang pagkilala naman ng LBSC ang mga pangunahing mananaliksik at development project sa larangan ng agrikultura at natural resources.

Ang NSTW ay ipinagdiriwang tuwing ikatlong linggo ng Hulyo ng bawat taon alinsunod sa Proclamation No. 169 s. 1993. Ito ay nagnanais na maipa-alam sa publiko ang mga pinakahuling development sa larangan ng S&T.

Ang 2016 NSTW ay bukas sa publiko. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin lamang ang mga sumusunod: www.nstw.dost.gov.ph at NSTW Facebook page at 2016NSTW o email 2016nstw@gmail.com. (Impormasyon mula kay Fatimah M. Moncada, S&T Media Service, DOST-STII)

LarawaNEWS



Ipinakilala ni DOST-STII director Richard P. Burgos ang Science and Technology Academic Research-Based Openly Operated Kiosks sa ika-14th Conference of Philippine Schools Overseas na ginanap kamakailan sa Diamond Hotel. Kasama sa larawan ay sina Gng. Mary Grace A. Tirona, Commission on Filipino Overseas executive director (gitna) at Prof. Gerson M. Abesamis, consultant, K to 12 Transition Team ng Commission on Higher Education at senior lecturer ng College in Education, University of the Philippines. (Larawan mula kay Gerardo de Jesus, S&T Media Service, DOST-STII)

2016 National Science and Technology Week

Opening Ceremonies

July 25, 2016 at 9:30 am

DOST Plaza, General Santos Avenue, Bicutan, Taguig City

JUAN SCIENCE ONE NATION

PROGRAM

9:30 am	Doxology	Philippine High School for the Arts
	Philippine National Anthem	
	DOST Hymn	
9:45	Welcome Remarks	DR. ROWENA CRISTINA L. GUEVARRA Undersecretary for S&T Services, DOST and Chair, NSTW Steering Committee
9:55	Audio Visual Presentation	Metro Manila Health Science Community DR. JAIME C. MONTOYA Los Baños Science Community DR. REYNALDO B. EBORA Quezon City Science Community DR. VICENTE B. MALANO Bicutan Science Community DR. CARLOS PRIMO DAVID Regional Science Community Assistant Secretary URDUJAH A. TEJADA
10:25	Intermission.....	Philippine High School for the Arts
10:30	Message	HON. FORTUNATO T. DELA PEÑA Secretary, <i>DOST</i>
10:45	Introduction of the Keynote Speaker.....	HON. FORTUNATO T. DELA PEÑA Secretary, <i>DOST</i>
10:50	Keynote Speech	HON. AQUILINO MARTIN “KOKO” L. PIMENTEL III Senator, Republic of the Philippines
11:10	Intermission	Mr. JOSEPH ESPINOSA Saxophonist
11:15	Presentation of Awards.....	HON. AQUILINO MARTIN “KOKO” L. PIMENTEL III and HON. FORTUNATO T. DELA PEÑA <i>to be assisted by:</i> Academician FABIAN M. DAYRIT Acting President, DOST-NAST and Chair DOST Awards Committee
	OUTSTANDING RESEARCH AND DEVELOPMENT AWARD FOR APPLIED RESEARCH	Julia A. Banzon Medal
	OUTSTANDING RESEARCH AND DEVELOPMENT AWARD FOR BASIC RESEARCH	Eduardo A. Quisimbing Medal
	OUTSTANDING RESEARCH ADMINISTRATOR AWARD	Dioscoro L. Umali Medal
	OUTSTANDING TECHNOLOGY COMMERCIALIZATION AWARD	Gregorio Y. Zara Medal
11:40	Opening of Exhibits	Hon. AQUILINO MARTIN “KOKO” L. PIMENTEL III <i>To be assisted by:</i> Hon. FORTUNATO T. DELA PEÑA and DOST OFFICIALS